# Mga Kuwento-Kuwento ng Baliw: Lihis na Pagkilos sa Mgà Maikling-Kuwentong Tagalog

Diana R. Ziganay at Ma. Trinidad Crisanto
*U.P. Rehabilitation Center*

**Abstract**

*Ang sulating ito ay nalikha upang magbigay ng isang pagsusuri at pagtatalakay sa pagbuo ng konsepto ng abnormalidad o kakaibang kilos o pananaw buhat sa mga piling uri ng panitikang Pilipinong naisulat sa wikang Ingles noong ika-1900 hanggang 1945. Pag-uukulan ng pansin dito ang panahon at kalagayang binanggit, ang mga suliraning binanggit, ang maga sulıranin ng pagbuo ng panitikang Pilipino sa Ingles, at ang daloy ng kaisipan ng mga manunulat na may kaugnayan sa pag-unawa ng konsepto ng abnormalidad na sumasalamin sa ilang mga piling sulatin, tuwiran man o di tuwiran.*

## Unang Yugto

Makaraan ang digmaan noong 1898 sa pagitan ng Espanya at Estados Unidos, ang Pilipinas ay tuluyan ng napasailalim sa kapangyarihan ng bago nitong mananakop. Hulyo 4, 1901, nang opisyal na itatag ang Pamahalaang Sibil sa ilalim ng Estados Unidos na naging hudyat ng simula ng panibagong yugto ng kasaysayan ng bansa.

Sa panimula ng Dekada ng Makabagong Pilipino, ipinahayag ang ganito:

> Isang panahon ng hating pananalig at pag-aalinlangan. Sa simula'y bantulot "kumapit sa alok ng mga mananakop" ang sambayanan. May naniniwalang dapat kunin ang kalayaan sa "santong paspasan ..."

May nagtitiwala naman sa "dakilang layunin" ng mga Amerikano sa ibibigay ang kalayaan sa "santong dasalan" (Almario, 1981).

Kaya't hindi kataka-takang sa mga unang taon ng Pananakop ng Amerikano ay may mga halimbawa sa panitikan na tahasang makabansa at mapaglaya. Ngunit sa panig naman ng mga mananakop, sila ay nagpamalas din ng sigasig sa pag-uusig laban sa ganitong

panitikan. Dahil dito'y higit na naging maingat ang mga manunulat sa pagsisiwalat ng damdaming makabansa at mapaglaya (Almario, 1981).

Ang paniniil ng mga Amerikanong mananakop at ang "censorship" sa panitikan ay tinalakay ni Prop. Lilia Antonio ng Departamento ng Pilipino (sa isang pakikipanayam noong ika-19 ng Setyembre, 1988). Bukod sa mga akdang tuwirang nagpapakita ng damdaming makabansa at mapagpalaya, sinabi niya na ipinagbawal din ang pagtalakay sa akdang ang paksa ay nauukol sa pagkabaliw. Ang mga akda sa panitikan noon, ayon pa rin sa kanya, ay naglalarawan ng kagandahang asal, pangrelihiyon at makarelihiyon. Idinagdag pa rin niya ang mga akdang may paglalarawan ukol sa pagkabaliw ay matatagpuan karaniwan sa mga akdang naisulat sa mga tinatawag na "socially conscious writers." Bukod pa sa mga naunang nabanggit sa paksa, nanaig din ang mga paksang tumatalakay sa pag-ibig (Abadilla et al., 1973) at buhay-lalawigan laban sa buhay-lunsod.

Sa sanaysay na ito titiyakin ang mga ugat, simtomas at katangian ng kakaibang kilos na sumibol sa Kapanahunan ng Pamahalang Sibil sa pamamagitan ng paglalapat ng hermenyutika sa bahagi ng mga kuwentong nalathala sa kapanahunang ito, na tuwirang naglalarawan sa mga lihis na kilos, at sa mga kuwento rin na pumaksa sa mga gitnang pahalaga sa kulturang Pilipino na karaniwang ang pagkasalansang ay nagdudulot ng kabagahagan sa mga taong kaugnay sa karanasan.

Kapuna-puna ang pagpapakita ng halaga ng pagmamahal at pagsunod sa magulang sa karamihan sa mga maiikling akdang lumabas sa panahong ito. Ang mga anak na suwail ay nagsisisi at napaparusahan sa huli, katulad ng natuklasan ni Carmen na ang sinamahan niyang lalaki ay may asawa na. Ninais niyang magbalik sa dating tahanan, subalit kanyang natanggap ang liham ng kanyang amain na nagtatakwil sa kanya:

> "at habang tinutunghayan niya ang liham na yan, sa mga mata niya ay nagbabatis ang masaganang luha ...! mga luha ng pagsisisi." (Rionda, 1939)

Si Elang bagamat hindi lubusang nagdusa, ay nagdanas din ng dalamhati matapos suwayin ang kanyang mga magulang:

> "Elang! ... Tibayan mo sana ang iyong dibdib! Ang Tatang mo'y wala na! Mag-iisang linggo na ngayong nalilibing! Hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay ay hinihintay-hintay ka niya!"

Kabukang naman sa kinalulugdang katangian sa isang babae ay ang kanyang pagiging simple, mayumi, mahinhin, madasalin, at mapaglagi sa bahay katulad ng makikita sa mga sumusunod na halimbawa:

> "Maging sa kanyang pag-ibig na wari'y namumuko pa lamang na bulaklak sa kanyang puno, ay pinakalihim-lihim niya ang wagas na damdaming noon ay nakatago. Inibig niya ang maging malayo sa maharot na lipunan ng mga dalaga at binata.
>
> "Pinagsumikapan niya ang mapalayo sa lahat ng tuksong idinulot ng pagkakataon, gaya halimbawa ng pagsama-sama sa mga piknik o paliligo sa Pasay o sa 'swimming pool' ng Unibersidad. Sa halip nito ay inihiling niya ang sarili sa ganap na kapayapaan—sa pananahi at sa pagbuburda—at sa malimit na pagsisimba kung dumadating ang banal na sandali ng pakikitungo sa Dakilang Maykapal." (Abadilla at Del Mundo, 1936: Alberto Segismundo Cruz. "Pag-ibig na Walang Kanluran"):
>
> "... oh mutyang dalaga ng aking nayon! Kailan mo kaya mamahalin muli ang kasuotang kaloob ng iyong mga magulang, ang mahaba mong buhok na kung nakalugay ay nagbibigay sa iyo ng larawan ng isang tunay na birhen, ang malalantik mong pilikmata na lalong maganda sa likas na kulay kaysa paitim na ipinipilit mong ipahid, ang kahalihalinang kilay na taliba ng iyong mapupungay na mata na binabawasan mo't sinikhay na maging parang isang guhit na itim na lamang, at ang sadyang kulay ng inyong pisnging may dalawang puyo sa pagngiti na nababawasan ng halaga sa pagpupumilit na magkaroon ng ibang uri na hindi mo katutubo?" (Abadilla at Del Mundo, 1936: Iñigo Ed. Regalado, "Pusong Uhaw sa Pag-ibig")

Maaari rin idagdag ang palagay ni Fidel sa isang tunay na babaeng Pilipina (Reyes, 1939: Rosalina L. Aguinaldo, "Sitsiritsit"):

> "... sa ganang akin ang babaeng Pilipina ay lubhang kapita-pitagan; ang tingin ko baga'y bumababa ang uri sa mga hayag na pook kung kahalubilo ng mga lalaki. Sa isang salita, ibig ko'y manatili sila sa dating dambana: ang sinapupunan ng tahanan."

Sa isang lalaki naman ay hinahanap ang mga katangiang tulad ng kainaman ng pag-uugali, katapatan, pagkamasikap at may tatag ng loob. Ang mga halimbawa nito ay ipinakikita sa mga sumusunod:

> "Sa aking pagdadalaga ay naging kaulayaw kong palagi si Nardo, isang binatang anak ng aming kasama sa bukid. Bagama't anak maralita, bagamat kulang sa layaw at kasaganaan, kay Nardo naroon naman ang ganda ng mukha, ang inam ng pag-uugali, ang tapat ng pakikisama." (Abadilla at Del Mundo, 1936: Fausto I. Galauaran, "Sugat ng Alaala")

"Kung kayo ay magsisihanap ng mapapangasawa, kayo Felisa, Nena, Sepa at Tekla ... hahanap kayo ng katulad ni Mateo ... masipag at magalang." (Abadilla, 1948: Serafin C. Guinigundo, "Gatas")

Sa kabilang dako, ang mga di-kanais-nais na katangian tulad ng kahambugan, kapusukan, at kalapastanganan ay kadalasang walang ibubungang mabuti at naparurusahan sa huli.

Sa maikling kuwento ay kadalasang inilalarawan ang mga katangiang mabuti at di-mabuti gawa ng pagtalima sa kalakaran ng mga akda sa panahon ng Amerikano. Di man tuwirang nilalayon o pinapaksa ng mga akda ay hindi pa rin maiiwasang magbanggit ng ukol sa mga kinalulugdan, gayon din sa mga hindi pinapaborang katangian. Sa di iilang akda ay ipinakita ang mga mabubuting katangian tulad ng pagiging matiisin, at mapagkalinga ni Mirabella (Reyes, 1939: Dr. Juan Rivera Lazaro, "Salapi at Diyos"):

"Inang, katungkulan ng anak na paglingkuran ang kanyang ina. Sakaling nangalihis ang mga kapatid ko sa batayan ng pagkaanak at di na nila nakikilala ang kahulugan ng tawag na 'Ina', ako na kanilang pinakabunso ay di madadala ng taliwas nilang kaugalian, sapagkat ang Ina para sa akin, ay sulong tumatanglaw sa kadiliman ng buhay, batis ng awa, tampulan ng pag-asa at salo ng kaligtasan ...

"Naririto ako ina ko, ginaganap ko ang aking tungkulin, na bagaman iisa-isang naglalamay ay aking pagtitiisan, sapagkat anak akong nakakatalastas ng aking pagka-anak."

Ipinakita naman ang halaga ng pagiging matiyaga, masipag, at matibay ang loob sa katauhan ni Rupero (Reyes, 1939: Leonardo Dianzon, "Ang Himala"):

"Ako rin ang tatawag sa aking sarili ng 'duwag' kapag ako'y napatalo sa kahinaan ng loob. Hindi na iba, kundi ako rin ang tatawa sa aking sarili, kapag hindi ko ipinagpatuloy ang sinimulan ko nang paglakad."

Kay Nelia naman na tapat na naghihintay at umaasa sa pag-ibig mula kay Armando (Reyes, 1939: Buenaventura G. Medina, "Naghihintay at Umaasa"), ipinakita na ang katapatan ay ginagantimpalaan sa huli. Katapatan rin ang pinapahalagahan sa katauhan nina Rosa at Pilar sa kanilang sinumpaang pag-ibig. Makabagbag damdamin ng paglalarawan ng katapatan ni Rosa sa panulat ni Galauran:

"Dalawangpung taon ... Kay tagal na pala! Dalawangpung taon, na kailanman ay hindi nawaglit sa kanyang pangmalas ang puntod na yaon, ulilang libing ng isang kaluluwang malaon nang namayapa, at pamamayapang kasama ng kanyang pag-asa at pangarap sa buhay na ito. Hindi niya kailanman nalilimutan tuwing magtatakipsilim kung naghihingalo na ang liwanag, na di tumungo sa halamanan at lumikmo sa sopang yaong pinatanda na rin ng panahong katulad niya, upang banaagan sa sinag ng dapithapon ang kinahihimlayang yaon ng isang mahiwagang lalaking pumanaw na sa daigdig. Mga dalangin. Dalanging siya lamang at ang lumikha ang nakaririnig! Mga hikbi at pagluhang siya lamang at ang ulilang dapithapon ang nakatatatap. At ... Dalawangpung taon na! Siya'y hindi rin nagbabago. Mainit pa rin ang tibukin ng kanyang puso kahit na ang dibdib na kinalalagya'y ibig nang gibain ng panahon at ng katandaan. Dalawangpung taon na. Ang panata niya'y ayaw palamigin ng mga taon at mga araw! Sariwa pa rin ang kanyang gunita, buhay pa rin ang kanyang alaala, at maapoy pa rin ang kanyang dibdib." (Abadilla at Del Mundo, 1936: Fausto I. Galauran, "Sugat ng Alaala")

Ganito naman ang paglalarawan ng katapatan ni Hernandez sa katapatan sa buhay ni Pilar:

"... sa papasok ni Entong, ang matandang may dalang tsang mainit. Siya na katiwala sa kanyang bakuran, ay tinitigan ng tia Pilar ng isang titig na lipos ng paglingap at pagkaawa. Noon ko lamang nakilala kung sino ang Rupertong tinutukoy: si Entong pala. Ang mabait na piping kinagagaanan ko ng dugo na ang akala ko'y isang matandang katiwala lamang ng aking mayamang ale. At sa aking sarili ay nasabi kong may katuwiran ngang sa habang panahon ay mamamalagi na sa pagkadalaga si tia Pilar." (Abadilla at Del Mundo, 1936: Amado V. Hernandez, "Panata ni Pilar")

Pagpapakasakit naman ang tinatamasa sa buhay ni Celing at ni Nardo. Sa pakikipag-usap sa minamahal si Celing ay Nagwika ng ganito:

"Hindi baling hindi mo ako dalawing palagi. Makakapagtiis ako. Hindi baling madalang ang pagliham mo sa akin, aaliwin ko ang aking sarili. Ang pag-aaral ang pagbuhusan mo ng panahon." (Abadilla at Del Mundo, 1936: Gregorio N. Garcia, "Ulilang-ulila")

Sa mga labi ni Nardo namatawi naman ang sumusunod:

"Rosa, huwag kang magsabi na tayo ay nagkakaibigan! Sabihin mong kaya ako naparito upang magnakaw ..." (Abadilla at Del Mundo, 1936: Fausto J. Galauran, "Sugat ng Alaala").

Pagpaparaya naman na udyok ng pag-ibig ang pinarangalan sa katauhan nina Remigio at ni Sencio. Ani Remigio:

> "Huwag na, Sultan, huwag na ...! Lalong mabuti ang hindi na nila ako makita! ... lalong mabuti ang manatili na akong patay sa kanilang mga puso, upang malubos ang kanilang kaligayahan!" (Reyes, 1939: Belen Manalo Santiago, "Ang Kanyang Bantago")

Si Sencio, para sa ikaliligaya at ikagiginhawa ng kanyang mag-ina ay nagwika ng ganito:

> "Kaibigang Pitong, magpapakasakit na ako nang dahil kay Luisa. Nalalaman ng Diyos na naparam nang lahat ang matatamis kong pag-asa. Mapalad ka kaysa sa akin. Lalaya ako, magpapakalayo-layo, at itatangis kong mag-isa ang aking pagkaapi ... mahalin mo ang aking asawa ... at ... huwag mo sanang apihin ang aking anak." (Reyes, 1939: Nieva Baens Del Rosario, "Ang Mangingisda")

Ang pagiging mapagpatawad ay binibigyang puri sa mga sumusunod na tala:

> "Gloria ... huwag mong bigyan ng kalungkutan ang dakilang araw na ito ni Marcelo. Wala, anak ko ... walang kasalanan sa akin si Gloria, nabigla lamang iyan, pinatawad ko siya ..." (Reyes, 1939: Fausto I. Galauran, "Masaklap na Tagumpay")

> "'Hindi'—ang tila tinig ng isang mahiwagang tugong nagbuhat sa kaibuturan ng aking puso. Ang higanti'y isang marumal sa damdaming likha ng pagtatanim at iyan ay matatawag na karuwagan. Ang magpatawad ay isang kabaitan, isang kabanalan, isang kawanggawa, isang pagtalima sa utos ng Dakilang Lumikha, na ibigin ang kapwa, gaya ng pag-ibig sa sarili. Ang kawanggawa'y hiyas na maningning ng malilinis na puso; ang matatag na haligi; ang ilaw na tumatanglaw sa diwa; ang tilamsik na masasaid na pag-ibig ng Diyos." (Reyes, 1939: Antero Gimpesaw, "Bulong ng Budhi")

Sa mga unang talata, tinalakay ng mga panggitnang pahalaga na gumagabay sa kilos ng mga tauhan sa mga pahalagang nabanggit ay maaaring magsilbing dahilan para ituring ang isang taong kakatwa.

Bagamat may "censorship" sa kapanahunang nabanggit, sa mga paksang naglalarawan ng pagkabaliw, may ilang kuwento pa ring napalathala na nagbigay buhay sa mga tauhang kakikitaan ng mga lihis na kilos.

Sa mga inilarawang lihis na pagkilos ng mga tauhan sa mga kuwentong nabanggit, ang mga karaniwang naging dahilan ay ang pagkawala o paglayo ng isang minamahal, *guilt* at ang takot na maparusahan. Maraming maikling kuwento ang naglarawan ng mga

tauhan na sa pagkawala ng isang minamahal ay nagpakita na ng kakaibang kilos o pag-uugali o kaya nama'y labis na naging malulungkutin. Ang halimbawa ng una'y ang kakaibang ikinikilos ni Marcos magmula ng mamatay ang kanyang kasintahang si Anita:

> "Nang makita ni Marcos sa kanilang lumang orasan na ang mahabang hintuturo ay malapit nang sumapit sa ika-12 samantalang nakapako na sa ika-8 ang maikling daliri, hindi niya malaman kung saan siya magtutungo. Isinisiksik niya ang kanyang ulo kahit saan, saka ang dalawa niyang hintuturo ay ipapasok sa mga butas ng kanyang taynga.
>
> "Ayaw niyang marinig ang animas. Ayaw niyang mapakinggan ang malungkot na palo ng bakal sa malaking kampanang tanso sa kampanaryo ng simbahan sa kanilang bayan. Gayunman, kahit nasaan siya magsiksik, kahit saan siya magtungo, kahit na anong gawin niyang pagpapasok sa kanyang taynga ay lalong nanunuot sa kanyang pandinig ang malungkot na tinig ng batingaw.
>
> "'Tapos na ba? Tapos ...' ang sunod-sunod niyang tanong na animo'y dinadaya ang sarili kung wala na siyang nauulinigang anomang taginting ng kampana." (Florentino, 1973: Deogracias A. Rosario, "Walang Panginoon")

Samantala, ang pagkamalulungkutin naman ay maaaring sundan ng pagkawala ng motibasyong lumikha o pagkakasakit, at maaari pang magwakas sa kamatayan. Isa sa mga nagdanas ng ganito ay si Adelina na gayong may asawa ay umibig pa sa ibang lalaki (Fidel). Ipinasyang lumayo ni Fidel upang huwag saktan ang kalooban ni Benito na para na rin niyang tunay na kapatid. Ang reaksyon ni Benito sa paglayong ito ni Fidel ay inilarawan sa sumusunod na tala:

> "Sa malabis na sama ng loob ay nagkaroon tuloy ng karamdaman si Adelina. Humina ang kanyang katawan, naging nerbiyosa, at nagkaroon ng sakit sa puso. Sa kaunting magdamdam ay agad nang nagsisikip ang hininga, kaya't lagi nang may nakalaang gamot para sa kanya." (Reyes, 1939: Susana De Guzman, "Ang Kanilang Lihim")

Ganito rin halos ang nangyari kay Oscar buhat nang biglang nawala ang kasintahan niyang si Gloria:

> "... naging malulungkutin, naging matalik na kaibigan ang paghihinagpis. Pipit-pusong walang oras na di ang inaawit ay ang malungkot na dalit ng kanyang buhay na inulila ng tuwa at ligaya. Walang oras na di bubuntu-buntong-hininga. Mga lagot-lagot, ngunit kimpal-kimpal na himutok na animo'y langit-langit ng napatid na bagting ng violin na nag-iiwan ng napakalungkot na tinig, ang malimit na mamutawi sa bibig

ng binata at mula rin noon ay nagluksa na nga si Oscar, na dahil sa pagkawala ni Gloria, at ang aliw ng kanyang pagkatao at ilaw sa kanyang karimlan ay namatay na rin sa kanyang puso at pag-ibig." (Reyes, 1939: Domingo Raymundo, "Sa Guhit ng Pinsel")

"Kay Oscar ay wala na rin ang mga maririkit na larawang dati-rati'y iginuguhit ng kanyang makapangyarihang pinsel na waring nanghihiram lamang mandin ng guhit at kulay sa mapahimag na dilag ng isang dalagang kapintu-pintuho."

Katulad ni Oscar, si Linores del Rio man ay isang alagad ng sining na biglang namahinga sa kanyang pagsusulat at pananalumpati nang kanyang mapag-alaman na ang babaing itinatangi niya ay may asawa pala:

"Iniibig niya si Ofelia ng isang pag-ibig na alam ni Bathala. Dahil kay Ofelia'y nakasulat siya ng mga akdang kinagigiliwan ng madla, kaya't nang matanggap niya ang nasabing liham ay parang nagdilim sa kanya ang ilaw ng daigdigan ... Iniwan na niya ang pagsulat ng mga kuwento at nobela. Hindi na siya nagtalumpati sa Radyo at nilimot niya ang sarili niyang pangalan ..." (Reyes, 1939: Remigio Mat. Castro, "Dahil sa Aking Anak")

Isang halimbawa naman ng kalungkutang umabot sa kamatayan ay ang kasaysayan ng pag-ibig nina Luisito at Minda (Abadilla at Del Mundo, 1936: Rosalia Aguinaldo, "Ay, Ay!"). Dahil sa inaakala niyang kabiguan sa pag-ibig na inuukol kay Luisito, si Minda ay nagkasakit at tuluyang namatay nang hindi nalalamang si Luisito man ay may pagtingin sa kanya.

Sa "Bahay sa Dilim" ni Alfredo S. Enriquez (Abadilla et al., 1973) ay isang ina ang nasiraan ng bait dail sa pagkamatay ng anak na labis na minamahal. Nais nang lumagay sa tahimik ng anak niyang ito subalit kanyang hinadlangan ang balak na ito, na tila ba ayaw malayo ang anak. Ang takot niyang maiwanan at ang *guilt* dahil alam niyang dahilan ng pagkamatay ng anak ay makikita sa sumusunod:

"... Hindi ka mamamatay, hindi, hindi, hindi. Buksan mo ang iyong bibig; sabihin mong natutulog ka lamang! Oo, natutulog! Bukas bunso, ikaw ay magigising at tayo ay magsisimba at ako ay aakapin mong katulad ng lagi mong ginagawa kung tayo ay naglalakad at sila ay maiinggit sa akin; mayroon akong mabait na anak!

"... anak ko, aking anak, sabihin mong hindi ka naghihinanakit sa akin. Hindi ko nalalamang isasama ng iyong loob ang aking sinabi; hindi ko tinototoo ang pagbabawal ko na pakasal ka sa kanya. Sinabi ko lamang

> iyon sapagkat ayaw kong mapalayo ka sa akin ... ikaw ang tanging ligaya ng aking katandaan ... ikaw na naiwang pamana sa akin ng iyong yumaong ama ..."

Inilarawan sa isang maikling kuwento ang isang babae na panandaliang pinanawan ng matinong pag-iisip (Abadilla et al., 1973: Cirio H. Panganiban, "Bunga ng Kasalanan"). Si Virginia ay "isang babaing madasalin, palasimba, at mapagluhod sa *confesionario*." Sampung taon na silang kasal ng kanyang asawang si Rodin ngunit hindi man lamang sila nabiyayaan pa ng kahit isang anak. Hind naman nagluwat pagkatapos ng sampung taon ay nagdalang-tao si Virginia (matapos ang matiyagang pagpapagamot), at nagsilang ng isang malusog na sanggol. Subalit di pa natatagalan ay nag-alinlangan na siya sa "kalinisan ng kanyang pagiging ina" at inakalang "ang kanilang anak ay hindi laman ng kanyang laman, kundi bula lamang ng gamot na pinaghalo-halo ng karunungan," at:

> "... minsan, nang makita niyang iniiwi ni Rodin ang kanilang anak ay pinag-apuyan siya ng mata, umigtang ang kanyang mga bagang at matapos sabukayin ang kanyang nalugay na buhok ay pasisid na inagaw sa mga bisig ni Rodin ang bungang yaon ng kanilang pag-ibig at ang sabing sinundan ng mahabang halakhak at tumataginting ..."
>
> "Bunga ng kasalanan! Ito ay hindi natin anak ..."

Masasabing *guilt* ang naramdaman ni Virginia dahil sa mahigpit niyang pinaniwalaan na siya ay makasalanan "sapagkat nilabag niya ang katalagahan at kalooban ng Diyos." Halos mawala siya sa sariling bait dahil sa takot sa parusang inaasahang kakamtin niya.

Ang paglalarawan sa "baliw" na Virginia ay kumakatawan sa tipikal na paglalarawan sa mga baliw noong panahong iyon: sumisigaw, humahalakhak, umiiyak:

> "Sa bintanang bukas na paharap sa daan ay tinangay ng malamig na hangin ang nakahihindik na halakhak ng nabaliw na babae na sinaliwan ng mahaba at nananaghoy na tahol ng aso: nakapangingilabot, nakapanininndig ng buhok at tumatagos sa mga buto!" (Abadilla et al., 1973: Enriquez, "Bahay sa Dilim")

Sa katunayan, bagamat ang mga aral na ito ay itinuturing na normal at ordinaryo, dahil nga sa *stereotype* ay ipinalalagay nang abnormal:

> "Naging mistulang baliw ako. Minsa'y sigaw ako ng sigaw. Minsa'y nananangis akong makikiusap upang ako'y palayain lamang ..." (Reyes, 1939: Arsenio G. Santos, "Oh ... Lalaki!")

> "Sa tuwi kong babasahin ang aking mga isinulat ay nasusunod ang aking kalooban sa mga kaloobang dapat taglayin ng mga tao ng dula, na sa aking sarili'y lubhang mainam ang pagkakayari at pagkakasulat; sabihin pa ba'y gawa ko; at dahil sa gawing pagkagiliw ko sa mga nagawa, ay humahalakhak akong mag-isa kung ang *personaje* ng *obra* ay dapat tumawa, nalulungkot ako kung malungkot ang pangyayari, at madalas pa'y kumukumpay ako, na wari'y siyang tunay na artistang gaganap sa papel.

> "Ang lahat ng ito: ang aking biglang pagtawa, pagkalungkot at pagkukumpay, ay napupuna pala ng aking ama't ina, bagay na nagpasok sa kanilang loob ang hinalang ako'y nababaliw yata; kaya't isang gabi'y luha-luhaan ang aking ina nang itanong sa akin kung bakit ako ay nagkakagayon, na tila raw nasisira ang aking ulo.

> "Ako'y napahalakhak nang tawa, dahil sa ako pala'y ipinalalagay na baliw, gayong katino kong tao." (Reyes, 1939: Patricio Mariano, "Buhay Mandudula")

Gayundin, dahil sa hindi maipaliwanag o maunawaang dahilan ng ikinikilos ng isang tao, siya ay agad nang napagkamalang baliw:

> "... sa Banawe, Bontok, ay isang dalagang Igorota ang naghihinagpis. Sang-ayon sa mga matatandang pantas doon, si Puranti ay nababaliw na. Paano'y malimit itong makitang lumuluha sa taluktok ng bundok, kung minsan, na nakatitig sa mga zigzag na patungong Maynila ang paningin; kung minsan naman, ay napapansin ng mga kamag-anak na rin ni Puranti na ito ay nagbububulong at waring kinakausap ang mga dulo ng pinong tila sadyang nakikipaghalikan sa simoy ng hangin." (Reyes, 1939: Alberto Segismundo Cruz, "Malupit na Kabihasnan")

> "Ilang sandali pa at buhat sa pintong nakabukas ay nakita nila si Carlos na nagbabalik at kasunod ang isang taong hindi nag-aalis ng sombrero at nababalot ng makapal na tila kapote ng hukbo gayong hindi naman umuulan.

> "Aba, baliw nga yata, ah" pansin ni Pedrito. 'Masdan mo ang gayak.'" (Abadilla, 1948: Fausto J. Galauran, "Kabayanihang Ipinagbibili")

Mula sa mga maikling kuwentong nabasa at ginamit sa pag-aaral na ito ay masasabing ang literaturang ito noong panahon ng pananakop ng mga Amerikano ay kumakatawan sa lawak (o kitid?) ng pagkaunawa noong panahong nabanggit ukol sa lihis na pagkilos. Karaniwang

idinadahilan sa pagkawala ng katinuan ay ang *guilt* at takot na mapag-isa at maparusahan. Bagamat hindi sapat na malinaw ang mga paglalarawan sa mga lumilihis ang pagkilos ay kapuna-punang ang madalas ilarawan ay ang mga tipong *melancholic* at *manic-depressive* (baliw). Mapapansin ding hindi ganap o *extensive* ang mga paglalarawang ibinibigay na karaniwa'y pahapyaw lamang.

(Ang huling yugto, tumatalakay naman sa dulaang Pilipino, ay ilalathala sa susunod na isyu ng *Science Diliman.*)

## References

1. Abadilla, Alejandro G., pat. *Mga Piling Katha: Mga Kuwentong Ginto ng Taong 1947–48.* Maynila Educational Publishers, 1948.
2. ________________ at Clodualdo Del Mundo, pat. *Mga Kuwentong Ginto (1925–35).* Cavite Publishing Company, 1936.
3. ________________, F.B. Sebastian, at A.D.G. Mariano, pat. *Mga Maikling Kathang Tagalog.* Quezon City: Bede's Publishing House.
4. Florentino, Alberto S. *Mga Batikang Kuwentista.* Quezon City: IGS Printing, 1973.
5. Reyes, Pedrito, pat. *50 Kuwentong Ginto ng 50 Batikang Kuwentista.* Ramon Roces Publications, Inc., 1939.